| MATATAG K to 10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | DepEdClub.com | | Baitang: | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | | Asignatura: | GMRC |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | OCTOBER 21 - 25, 2024 (WEEK 4) | | Markahan at Linggo: | Ikalawang Markahan |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilallaman* | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa ligtas na paraan ng pagtulong sa nakatatandang miyembro ng pamilya at kakilala | | | |
| *B. Pamantayang Pagganap* | Naisasagawa ng mag-aaral ang paglapat sa mga ligtas na paraan ng pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya at kakilala upang malinang ang pagiging matulungin | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipakikita ang pagiging matulungin sa nakatatanda sa pamamagitan ng mga gawaing makatutulong at makapagbibigay-ginhawa sa kanila nang may pagsasaalang-alang sa ligtas na paraan<br>a. Nakakikilala ng mga paraan ng pagtulong sa mga nakatatanda<br>b. Napatutunayan na ang pagtulong sa mga nakatatanda (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila<br>c. Nailalapat ang mga paraan sa ligtas na pagtulong sa mga nakatatanda (hal. pag-aabot ng mga gamit para sa kanila, pag- alalay sa kanilang gawain, at iba pa) | | | |
| *D. Mga Layunin* | Nakakikilala ng mga paraan ng pagtulong sa mga **kakilalang nakatatanda** | Natutukoy ang mga paraan sa ligtas na pagtulong sa mga **kakilalang nakatatanda** | Nailalapat ang mga paraan sa ligtas na pagtulong sa mga **kakilalang nakatatanda** (hal. pag-aabot ng mga gamit para sa kanila, pag-alalay sa kanilang gawain, at iba pa) | Naipakikita ang pagiging matulungin sa mga **kakilalang nakatatanda** sa pamamagitan ng mga gawaing makatutulong at makapagbibigay-ginhawa sa kanila nang may pagsasaalang-alang sa ligtas na paraan |
| | Naipahahayag na ang pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila | Naisasaalang-alang na ang pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila | Naipaliliwanag na ang pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila | Napatutunayan na ang pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila |
| *E. Integrasyon* | **Matulungin (Helpful)** | | | |
| **II. NILALAMAN/ PAKSA** | **Pagtulong sa mga Nakatatandang Miyembero ng Pamilya at Kakilala** | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide | MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide | MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide | MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *B. Iba pang Kagamitan* | • Meta cards/strips<br>• Awit<br>• Larawan ng mga taong kakilala na nakatatanda<br>• Larawan ng mga paraan ng pagtulong sa mga taong kakilalang nakatatanda | • Meta cards/strips<br>• Awit<br>• Mga larawan ng mga bata tumutulong sa mga kakilalang tao nakatatanda sa ligtas at hindi ligtas na paraan | • Meta cards/strips<br>• Awit<br>• Tula<br>• Mga larawan ng mga bata tumutulong sa mga kakilalang tao nakatatanda sa ligtas at hindi ligtas na paraan | • Meta cards/strips<br>• Awit<br>• |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *1. Panimulang Gawain* | **1. Pagbati:**<br>• Sabihin: Magandang araw sa inyong lahat!<br>• Bago natin simulan ang ating aralin, tayo ay umawit (Aawitin muna ng guro at pagkatapos ay susundan ng mga mag-aaral. Maaaring awitin nang may pagkilos)<br>•<br>Awit:<br>Ako ay nagwawalis!<br>Ako ay nagdidilig!<br>Ako ay naghuhugas!<br>Ako ay tumutulong sa pamilya at sa kakilala!<br>(ulitin) | **1. Pagbati:**<br>• Sabihin: Masayang araw sa inyong lahat!<br>• Bago natin simulan ang ating aralin, tayo ay umawit (Aawitin muna ng guro at pagkatapos ay susundan ng mga mag-aaral. Maaaring awitin nang may pagkilos)<br><br>Awit:<br>Kamusta, kamusta, kamusta<br>Kamusta kayong lahat<br>Ako'y tuwang-tuwa<br>Masaya't nagagalak<br>Tra-la-la, la-la-la, la-la-la-la (4x)<br>Kamusta, kamusta, kamusta<br>Kamusta kayong lahat<br>Ako'y tuwang-tuwa<br>Masaya't nagagalak | **1. Pagbati:**<br>• Sabihin: Masayang araw sa inyong lahat!<br><br>Bago natin simulan ang ating aralin, tayo ay kumuha ng kapareha at ibahagi kung bakit ka masaya ngayong araw?<br><br>**2. Balik-aral:**<br>Sabihin:<br>Natatandaan ba ninyo ang ating aralin kahapon?<br><br>Itanong ang sumusunod:<br>• Ano ang isang ligtas na paraan ng pagtulong sa mga kakilalang nakakatanda sa atin?<br><br>(Gawin ito ng pasalita. Tumawag ng ilang mga mag aaral na tutugon.)<br><br>Mahusay! | **1. Pagbati:**<br>• Sabihin: Kumusta ang araw ninyo? Masaya ba?<br><br>Ano ang nararamdaman mo ngayong araw?<br><br>**2. Balik-aral:**<br>Sabihin:<br>Natatandaan ba ninyo ang ating aralin kahapon tungkol sa ligtas na paraan pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda?<br><br>(Gawin ito ng pasalita. Tumawag ng ilang mga mag aaral na tutugon.)<br><br>Magbigay ng halimbawa ng ligtas na paraan pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda.<br><br>(Gawin ito ng pasalita. Tumawag ng ilang mga mag aaral na tutugon.) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **2. Pagganyak (motivation)** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ● Ipakita ang larawan ng mga batang tumutulong sa mga ***kakilalang nakatatanda***<br>Mga larawang mga batang tumutulong sa kakilalang nakatatanda)<br>- pag-walis ng sahig kasama ni nanay<br><br>- pagpunas ng gamit kasama si ate<br><br>● pag hugas ng plato kasama si kuya | **2. Balik-aral:**<br>Sabihin:<br>Natatandaan ba ninyo ang ating aralin kahapon?<br>Ano ang natutuhan ninyo sa ating aralin kahapon?<br><br>(Gawin ito ng pasalita. Tumawag ng ilang mga mag aaral na tutugon.)<br><br>Mahusay kayo!<br><br>Pumalakpak ng sampung beses.<br><br>Isa! Dalawa! Tatlo! Apat! Lima! Anim! Pito! Walo! Siyam! Sampu!<br><br>**3. Pagganyak**<br>Bago natin ipagpatuloy ay alamin natin ang ating pamantayan upang matuto:<br>• Umupo nang maayos.<br>• Iwasan muna ang makipag usap sa katabi.<br>• Makinig nang mahusay sa guro.<br>• Kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay.<br><br>Handa na ba kayo?<br>Ipakita ang mga larawan.(Pra s a illus. I-drawing ang bulleted at lagyanng caption | **3. Pagganyak:**<br>Bago natin ipagpatuloy ay alamin natin ang ating pamantayan upang matuto:<br>• Umupo nang maayos.<br>• Iwasan muna ang makipag usap sa katabi.<br>• Makinig nang mahusay sa guro.<br>• Kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay.<br>Handa na ba kayo?<br><br>Sabihin:<br><br>Makinig nang mabuti sa situwasyon na aking babasahin.<br><br>Ilahad ang situwasyon.<br>( Para s illus: I-drawing ang isang batang lalaki na naglalakad papunta sa classroom ng may nakitang balat ng kendi habang may kalayuan naroon din ang dyanitor na nagwawalis)<br>Maaga ka pumasok sa paaralan. Habang papunta sa inyong silid-aralan ay may nakita kang balat ng kendi sa sahig. Nakita mo nagwawalis ang dyanitor ng inyong paaralan. Ano ang gagawin mo? | Napakahusay ninyo!<br><br>**3. Pagganyak:**<br><br>Bago natin ipagpatuloy ay alamin natin ang ating pamantayan upang matuto:<br>• Umupo nang maayos.<br>• Iwasan muna ang makipag usap sa katabi.<br>• Makinig nang mahusay sa guro.<br>• Kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay.<br><br>Handa na ba kayo?<br><br>Sabihin sa mga mag-aaral:<br>● Magbigay ng halimbawa ng isang paraan ng pagtulong sa ligtas na paraan sa mga kakilalang nakakatanda.<br><br>Sabihing, mahusay! |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br><br>● <br>● pag tapon ng basura kasama si tatay<br><br>● pag lampaso ng sahig kasama si lolo<br><br>● pag dilig ng halaman kasama ni tiya<br>● pag ligpit ng higaan kasama ang tiyahin<br>Mga larawan (Para sa illus: paki drawing ang mga bulleted. Salamat)<br>• Pagbitbit ng mga aklat kasama ang guro<br>• Pagdala ng malinis na tubig na maiinom para sa tiya<br>• Pagpulot ng balat ng kendi kasama ang dyanitor ng paaralan | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Itanong sa mga mag-aaral:<br>1. Sino ang tinutulungan ng mga bata sa larawan?<br>2. Paano tumutulong ang mga bata sa larawang inilahad?<br>3. Bakit mahalagang tulungan ang mga kakilalang nakatatanda?<br><br>Tumawag ng ilang mga bata na sasagot.<br><br>Muhusay kayo, palakpakan ninyo ang sarili! | ● pagdadala ng aklat o gamit ng guro<br>● pag dilig ng halaman kasama ng janitor sa paaralan<br><br>Suriin Mo.<br>Itanong ang sumusunod:<br><br>Ano-ano ang mga paraan ng pagtulong sa mga kilala mong nakatatanda?<br><br>Tumawag ng ilang mga bata na sasagot.<br><br>Muhusay kayo, palakpakan ninyo ang sarili! | Tumawag ng mga mag-aaral para tumugon na lumilinang ng pagiging matulungin.<br><br>Sabihing, magaling!<br>Sabay sabay nating sabihin<br>**“Ako ay matulungin!’** | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *2.Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Ipaskil sa pisara/board ang meta cards/strips na may nakasulat na matulungin.<br>Matulungin<br><br>Sabihin sa mga mag-aaral:<br>Sa araw na ito, inaasahang makikilala ang mga paraan ng pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda.<br><br>Sino ang mga kakilala ninyong nakatatanda?<br><br>Tumawag ng mga ilang mag-aaral nais sumagot.<br><br>Inaasahang din na maipahahayag ninyo ang pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila<br><br>Sabihin, handa na ba kayo? | Ipaskil sa pisara/board ang meta cards/strips na may nakasulat na matulungin.<br>Matulungin<br><br>Sabihin sa mga mag-aaral:<br>Sa araw na ito, inaasahang matutukoy ninyo ang mga **ligtas na paraan** ng pagtulong sa mga nakatatandang kilala ninyo.<br><br>Inaasahang din na maisasaalang-alang na ang pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila<br><br>Handa na ba kayo? | Ipaskil sa pisara/board ang meta cards/strips na may nakasulat na matulungin.<br>Matulungin<br>Sabihin sa mga mag-aaral:<br>Sa araw na ito, inaasahang mailalapat ang mga ligtas na paraan ng pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda (hal. pag-aabot ng mga gamit para sa kanila, pag-alalay sa kanilang gawain, at iba pa)<br><br>Inaasahang din na maipaliliwanag na ang pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila<br><br>Handa na ba kayo? | Ipaskil sa pisara/board ang meta cards/strips na may nakasulat na matulungin.<br>Matulungin<br>Sabihin sa mga mag-aaral:<br>Sa araw na ito, Inaasahang maipakikita mo ang pagiging matulungin sa mga kakilalang nakatatanda sa pamamagitan ng mga gawaing makatutulong at makapagbibigay-ginhawa sa kanila nang may pagsasaalang-alang sa ligtas na paraan.<br><br>Inaasahang din na mapatutunayan na ang pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila<br><br>Handa na ba kayo? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *3.Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | Sabihin sa mga mag-aaral:<br>Narito ang mga larawan ng mga taong maaring kakilala ninyo.<br>1. Ipapakita ko isa-isa ang mga larawan sa inyong lahat.<br>Para sa illus: I-drawing - Larawan ng mga taong kakilala ng mga bata.--- guro, nars, kasambahay, pastor, pari, doktor, tagakapaglinis ng paaralan, tagakapagbantay ng paaralan) | Sabihin sa mga mag-aaral:<br>Muling tignan ang mga larawan na nagpapakita ng pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda<br><br>Makining sa ating gawain.<br>1. Ilalahad muli ang mga larawan ginamit natin kanina<br>2. Itaas ang kamay kung matutukoy mo ang nagpapakita ng pagtulong sa mga kakilalang nakakatanda.<br>3. Sabihin mo kung ang pagtulong mo sa nakakatanda ay ligtas o hindi ligtas. | Ipakita ang mga meta cards at basahin ng may gabay ng guro.<br>Mga ligtas na paraan ng pagtulong sa mga kilalang nakakatanda:<br>(Para s illus: I-drawing ang lahat na bulleted.)<br>● Ang pag-aabot ng mga gamit sa mga nakakatulong sa paaralan<br>● Ang pag-akay sa mga kay lola at lolo.<br>● Ang paglinis ng silid aralan kasama ang guro.<br>● Ang pagdilig ng halaman kasama ang dyanitor. | Ipakita ang mga larawan na nagpapakita ng pagtulong sa ligtas na paraan sa mga kakilalang nakakatanda<br>(Gamitin ang mga nagamit ng larawan s ika 3 araw, ilagay din s bahaging ito)<br><br>Sabihin sa mga mag-aaral:<br>● Paano mo maipakikita ang pagiging matulungin sa ligtas na paraan sa mga kakilalang nakatatanda na makapagbibigay-ginhawa sa kanila? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Note: halos lahat ng kanilang kakilala ay nagmumula sa paaralan o sa komunidad)<br><br>2. Itaas ang kamay kung kilala mo ang nasa larawan.<br><br>3. Hintaying tawagin at ibahagi ang sagot sa klase. | (magdagdag ng bagong larawan)<br>Pki illustrate ang mga bulleted Hal, salamt<br>Hal:<br>• Pagdadala ng mga gamit kasama ang nars<br>• Pagdala ng plastic na baso kasama ang mga tagapagluto ng paaralan<br>Pagdidilig ng mga halaman sa gulayan sa paaralan kasama ang guro | zSabihin sa mga mag-aaral:<br>Ang mga nakasulat sa meta strips at mga larawan ay halimbawa ng mga ligtas na paraan ng pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda.<br><br>Alin sa mga larawan ang iyong ginagawa? Bakit?<br><br>Tumawag ng mga mag-aaral upang magpahayag ng sagot. | Kumuha ng kapareha at ipakita mo ang pagiging matulungin sa ligtas na paraan sa mga kakilalang nakatatanda na makapagbibigay-ginhawa sa kanila<br><br>Tumawag ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot.<br><br>Mahusay! |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Malinaw ba panuto?<br>Ating subukan. Magbigay ng halimbawa.<br><br>Kung malinaw na, ating gawin.<br>Handa na ba kayo?<br><br>Tumawag ng mga mag-aaral at pakinggan ang kanilang sagot.<br><br>Sabihin, mahusay!<br>Ngayon ay kilala na ninyo ang mga taong maaari pang tulungan. | Malinaw ba mga bata?<br>Ating subukan.<br>Magbigay ng halimbawa.<br><br>Kung malinaw na,<br>ating gawin.<br>Handa na ba kayo?<br><br>Tumawag ng ilang mag-aaral upang sumagot.<br><br>Sabihin sa mga mag-aaral, ating tandaan mahalaga ang ligtas na mga pamamaraan ng pagtulong sa mga nakakatanda. | Sabihin, mahusay!<br><br>Nakikilala ninyo ang mga mga ligtas na paraan ng pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda. | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *4.Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | Sabihin sa mga mag-aaral:<br>Narito ang mga pangungusap na may kaugnayan sa ating aralin. (nakasulat sa meta-strips, babasahin ng guro at pagkatapos ay mga mag- | Sabihin sa mga mag-aaral:<br>Tayo ngayon ay maglalaro.<br><br>Gawain 1<br>Ang pamagat ng ating laro ay: **Ligtas o hindi ligtas.** | Sabihin sa mga mag-aaral:<br><br>Umupo ng maayos at making sa tula na bibigkasin.<br>Pagtulong sa Ligtas na Paraan<br>Kilala ko ang mga nakakatanda sa aking tirahan at paaralan. | Sabihin sa mga mag-aaral:<br>Tayo ay maglalaro!<br>Ang pamagat ng ating laro ay **Ikilos natin!**<br><br>Makinig mabuti sa panuto. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | aaral nang sabayan o isahan)<br><br>Handa na ba kayo?<br>● Ako ay tutulong magdala ng mga aklat ng aking guro.<br>● Ako ay tutulong magdala ng tubig kasama ang dyanitor.<br>● Ako ay tutulong magpulot ng balat ng kendi kasama ang tagalinis ng paaralan<br>● Ako ay tutulong magtiklop ng mga bagong labang panyo kasama ang aming kasambahay<br><br>Mahusay kayo! | Kailangan ng mga larawan ng nagpapakita ng hindi ligtas na paraan ng pagtulong sa mga nakakatanda. Para sa illus. I-drawing ang mga bulletd at isama ang caption.<br>• Pagsama sa hindi kakilalang nakatatanda sa mall<br>• Pagdadala ng mga gamit ng guro<br>• Pagaabot ng basahan sa tagalinis ng paaralan<br>• Pagdadala ng mga injection or mga maselanng gamot kasama ang nars<br>• Pagdadala ng mainit na sabaw kasama ang mga tagapagluto ng paaralan<br>Paggugupit ng mga matinik/malaki na halaman sa hardin kasama ang hardinero<br><br>Narito ang panuto:<br><br>**1.** Ipapakita ko ang isang larawan. Pagmasadan ng mabuti kung ang paraan ng pagtulong sa kakilalang nakakatanda ay ligtas o hindi ligtas. | Alam mo kung paano sila matutulungan!<br>Ako ay handang tumulong sa ligtas na paraan.<br>Si lola ay tinutulungan kong maghain ng hapunan.<br>Si lolo naman ay tinutulungan ko magpakain kay bantay!<br>Sa paaralan, ako din ay ligtas na tumutulong.<br>Sa mahal kong guro, ako ay tumutulong!<br>Ang pagayos ng silid, ang pagbura ng pisara aking ginagawa.<br>Ako din ay tumutulong sa aming nars, taga-bantay at dyanitor.<br>Ako ay handang tumulong sa ligtas na paraan!<br><br>Itanong ang sumusunod:<br>1. Kanino tumutulong ang bata sa tula? Paano?<br>2. Bakit ka tumutulong sa mga kakilalang nakatatanda sa ligtas na paraan? Ikuwento.<br><br>Tumawag ng ilang mag-aaral, para sumagot sa mga tanong.<br><br>Mahusay kayo palakpakan ninyo ang inyong sarili! | **1.** Tumayo ang lahat. Pumili ng isang nakasulat sa meta-strips ng ligtas paraan sa pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda at ikikilos muna ng guro.<br>Panoorin ako ng mabuti.<br><br>**2.** Kung ang ginawa ng guro ay magagawa mo, ikilos mo! Gamitin ang buong katwan upang maipakita ang gawain.<br><br>**3.** **P**agkatapos lahat tayo ay papalakpak ng tatlong beses at sabihing **kaya ko!**<br><br>Malinaw ba ang panuto? Subukin natin. Magbigay ng halimbawa.<br><br>Kung malinaw na, ating gawin. Handa na ba kayo?<br><br>Mahusay!<br>Ating sabihing, **kaya kong tumulong!** |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | **2.** Pumalakpak ng limang beses kung ligtas at tumayo kung hindi ligtas.<br><br>Malinaw ba ang ating panuto?<br>Subukin natin. Magbigay ng halimbawa.<br><br>Kung malinaw na, ating gawin. Handa na ba kayo?<br><br>Sabihin sa mga mag-aaral, masaya ba ang ating ginawang paglalaro?<br><br>Mahusay kayo palakpakan ninyo ang inyong sarili! | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *5. Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Sabihin sa mga mag-aaral:<br>Nailahad kanina ang mga ibat-ibang larawan ng mga kakilala ninyong nakakatanda.<br><br>Paano ninyo naipakikita ang mga paraan ng pagtulong sa mga kakilala ninyong nakatatanda?<br><br>Sabihin sa mga mag-aaral: | Sabihin sa mga mag-aaral:<br><br>Humanap ng isang kaklase at sabihin ang isang paraan na ligtas na pagtulong sa mga kakilalang nakatatandang. Magbigay din ng isang paraan na hindi ligtas.<br><br>Tumawag ng ilang mag-aaral upang ipahayag ang kanilang sagot sa klase.<br><br>Mahusay! | Sabihin sa mga mag-aaral:<br><br>Tayo ay guguhit base sa tula na ating napakinggan.<br><br>Panuto: Makinig sa aking sasabihin bago iguhit ang sagot sa kuwaderno. Gumamit ng lapis lamang.<br><br>Iguhit ang sagot.<br>1. Sino-sino ang mga natulungan ng bata? Gumuhit ng 2 lamang | Sabihin sa mga mag-aaral:<br><br>1. Pangkatin ang klase ng may tig-apat na miyembro.<br>2. Babasahin ang mga nakasulat sa meta-cards/strips (nakabullet)<br><br>• Ang pag-aabot ng mga gamit sa mga kailalang nakakatanda<br>• Ang pag-akay sa mga kakilalang nakatatanda |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Tayo ngayon ay maglalaro.<br>Ang pamagat ng ating laro ay: **Alamin Mo!**<br><br>Narito ang mga panutong dapat sundin:<br><br>1. Ipapakita ko ang isang larawan ng taong inyong kakilala, kung ikaw ang tinutukoy para tukuyin ang larawan, pumunta agad sa harap ng klase.<br>2. Insert Pix<br>Kilalanin ang nasa larawan at magbigay ng isang paraan ng pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda.<br><br>Malinaw ba ang panuto?<br>Subukin natin. Magbigay ng halimbawa.<br><br>Kung malinaw na, ating gawin.<br>Handa na ba kayo?<br><br>Tumawag ng mga bata at sundin ang panuto. | | 2. Ano ang ginawang pagtulong ng bata sa tula?<br>Gumuhit ng isa lamang<br><br>Tumawag ng ilang mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot.<br><br>Mahusay! | • Ang paghanda ng pagkain ng mga kakilalang nakatatanda<br>• Ang pagligpit ng mga kagamitan ng mga kakilalang nakatatanda.<br><br>3. Pag-usapan kung ano ang maipapakita ninyong ligtas na paraan ng pagtulong sa kakilalang nakatatanda (Role play). Ang iba sa inyo ay maaaring maging kakilalang nakakatanda, ang iba naman ay maaaring manatiling bata.<br><br>4. Magsanay sa nais ipakita. Maghanda upang maipakita sa klase<br><br>5. Tatawagin ang inyong pangkat at ipakita ang napiling paraan ng pagtulong.<br><br>Malinaw ba ang ating panuto?<br>Subukin natin, ang guro ay iikot sa buong klase upang gabayan ang mga mag-aaral.<br><br>Kung handa na, ating gawin.<br>Handa na ba kayo?<br><br>Mahusay kayo! |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Mahusay!<br><br>(Hikayating maging masaya, aktibo at malinang ang pagiging matulungin ng mga mag-aaral habang sila ay tumutugon sa mga tanong.)<br><br>Palakpakan ninyo ang inyong mga kamag-aral at ang inyong sarili! | | | Ating sabihing, **kaya kong tumulong!** |

FOR TE NOT

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *6. Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang* | Sabihin sa mga mag-aaral:<br>Mahalaga na maipahahayag ang pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila.<br><br>Itanong sa mga bata,<br>Ano ang mga paraan ng pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda (elderly)?<br><br>Tumuwag ng ilang mag-aaral na nais sumagot at pakinggan ang kanilang sagot.<br><br>Mahusay kayo!<br>Itanong sa mga mag-aaral, kapag kayo ay | Sabihin sa mga mag-aaral:<br>Mahalaga na maisasaalang-alang ang pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila<br><br>Sa pagkakataong ito, humanap ng kapareha (dyad). Ibahagi ang kahalagahan ng pagtulong sa mga sa mga kakilalang nakatatanda (elderly).<br><br>Tumawag ng mga mag-aaral upang ipahayag ang kanilang sagot sa klase.<br><br>Mahusay! | Sabihin sa mga mag-aaral:<br><br>Mahalaga na maipaliwanag na ang pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila.<br><br>Ating balikan ang tula.<br>Tayo ay may gagawin. Makinig mabuti.<br><br>**1.** Kumuha ng kapareha<br>**2.** Banggitin ang mga paraan na nagpakita ng pagtulong kay lola at lolo? kay guro?<br>**3.** Ibahagi sa kapareha kung bakit ka tumutulong sa mga kilalang nakakatanda?<br><br>Tumawag ng mga bata upang ipahayag ang kanilang karanasan sa gawaing ito. | Sabihin sa mga mag-aaral:<br>Mahalaga na mapatutunayan natin na ang pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda (elderly) ay indikasyon ng paggalang sa kanila.<br><br>Makinig sa mga situwasyon na babangitin:<br><br>1. Nakita mong may maraming dalang pagkain ang kusinera sa paaralan ninyo. Ano ang gagawin mong pagtulong para maipakita ang pagiging matulungin?<br><br>2. Nakita mo na mag-isang nagliligpit ng mga silya ang dyanitor sa paaraln. Ano ang gagawin mong pagtulong para |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | tumutulong sa mga kakilala ninyong nakakatanda, ano ang naipapakita ninyong ugali?<br><br>Sabihin, tama! Ang pagtulong sa mga kakilala ninyong nakakatanda ay nagpapakita ng paggalang sa kanila.<br><br>Balikan natin ang mga larawan, tanungin ang mga mag-aaral, paano tayo nagpapakita ng paggalang sa ating mga kakilala?<br><br>Makinig sa mga sagot ng mga mag-aaral.<br><br>Sabihin, mahusay kayo sapagkat tumutulong kayo sa mga kakilalang nakatatanda ay indikasyon ng paggalang sa kanila. | | | maipakita nag iyong paggalang?<br><br>Tumawag ng ilang mag-aaral upang ipahayag ang kanilang sagot sa klase.<br><br>Sabihing mahusay kayo! |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *7. Paglalapat at Paglalahat* | Sabihin sa mga mag-aaral: Makinig nang mabuti.<br>Gawain 1<br>Panuto:<br>1. Ilabas ang inyong lapis at kuwaderno.<br><br>2. Mayroon nakalahad na dalawang larawan ng mga kilala ninyo | Panuto: Basahin ang tula at punan ang patlang mula sa mga salita sa ibaba.<br>Ako ay Matulungin<br><br>Kakilalang nakatatanda ay<br><br>dapat tulungan<br>Tamang pagkilos ay isaalang-alang | Panuto: Gamit ang metacards, pumili ng isang ligtas na pamamaran na pagtulong sa mga kilalang nakatatandang.<br><br>• Ang pag-aabot ng mga gamit sa mga nakakatulong sa paaralan<br>• Ang pag-akay sa kay lola at lolo.<br>• Ang paglinis ng silid aralan kasama ang guro. | Panuto:<br>Punan ang mga patlang upang mabuo ang mga pangungusap. Gawin ito ng pasalita at gumamit ng aksyon upang maipakita ang paraan ng pagtulong sa kakilalang nakakatanda.<br><br>Ako ay si __________. Ako mag-aaral sa ____________. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | (ex. guro, tigapaglinis,)<br><br>na nakakatanda).<br>Pumili ng isa.<br><br>3. Sa isang napili, iguhit ang isang paraan ng pagtulong sa kanila. Mga inaasahang sagot sa kuwaderno.<br>• pag-walis ng sahig<br>● pagpunas ng gamit<br>● pagdadala ng aklat<br>● Pag bura ng pisara<br><br>Tumawag ng mga mag-aaral upang magbahagi ng kanilang naguhit.<br><br>Itanong:<br>1. Ano-ano ang natutuhan mo sa ating gawain?<br>2. Bakit mahalagang tumulong sa mga kilalang nakakatanda?<br><br>Tiyakin na maiisa-isa ng mga mga mag aaral ang sumusunod na konsepto: | Sa paraang ligtas malalayo sa kapahamakan<br>Panganib ay tunay na maiiwasan<br><br>(Para sa guro: maaaring gumamit ng ibang likhang tula na may kaugnayan sa aralin)<br>--------------------------------<br><br>tulungan<br>pagkilos<br>ligtas<br>panganib<br><br>Ako ay Matulungin<br>Kakilalang nakatatanda ay dapat ______________<br>Tamang _________ay isaalang- alang<br>Sa paraang _______malalayo sa kapahamakan<br>_________ay tunay na maiiwasan<br><br>Itanong:<br>1. Ano ang naramdaman/damdamin mo habang ginagawa ang ating gawain?<br>2. Ano-ano ang natutuhan mo sa ating gawain?<br>3. Bakit mahalagang tumulong sa mga kakilalang nakakatanda sa ligtas na paraan? | • Ang pagdilig ng halaman kasama ang dyanitor ng paaralan.<br>● Ang pagbitbit ng aklat kasama ang guro.<br><br>Tumawag ng mga bata upang magbahagi ng kanilang sagot sa klase, itanong din kung bakit ang napili ?<br><br>Tiyakin na maiisa-isa ng mga mga mag aaral ang sumusunod na konsepto:<br><br>**Matulungin** ay pagbibigay ng mabuting paggawa kapakanan ng kapuwa<br><br>**Ligtas** ay malayo sa panganib<br><br>Ang mga paraan ng pagtulong sa ligtas na paraan sa mga kilalang nakakatanda.<br><br>● Ang pag-aabot ng mga gamit sa mga nakakatulong sa paaralan<br>• Ang pag-akay sa kay lola at lolo.<br>• Ang paglinis ng silid aralan kasama ang guro.<br>• Ang pagdilig ng halaman kasama ang dyanitor ng paaralan. | Ako ay tumutulong sa mga kilala kong nakakatanda dito sa paaralan katulad ni ____________. Tinutulungan ko sila sa ligtas ng paraan katulad ng __________(ipakita ang paraan ng pagtulong).<br>Ako ay tumutulong upang maipakita ang aking ____________.<br><br>Tumawag ng ilang mag-aaral upang sumagot.<br><br>Sabihin, mahusay kayong lahat.<br><br>Tiyakin na maiisa-isa ng mga mga mag aaral ang sumusunod na konsepto:<br>**Matulungin** ay pagbibigay ng mabuting paggawa kapakanan ng kapuwa<br><br>**Ligtas** ay malayo sa panganib<br><br>Ang mga paraan ng pagtulong sa ligtas na paraan sa mga kakilalang nakakatanda.<br><br>• Ang pag-aabot ng mga gamit sa mga lolo/lola<br>• Ang pag-akay sa mga kakilalang nakatatanda<br>• Ang paghanda ng pagkain ng mga matatandang tiyahin/tiyo |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | Tiyakin na maiisa-isa<br>ng mga mga mag | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Matulungin** ay pagbibigay ng mabuting paggawa sa kapakanan ng kapuwa.<br><br>Ang mga paraan ng pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda.<br><br>• Pagbitbit ng mga aklat kasama ang guro<br>• Pagdala ng tubig kasama ang dyanitor<br>• Pagpulot ng kalat kasama ang tagalinis ng paaralan | aaral ang sumusunod na konsepto:<br><br>**Matulungin** ay pagbibigay ng mabuting paggawa kapakanan ng kapuwa<br><br>**Ligtas** ay malayo sa panganib<br><br>Ang mga paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan:<br><br>● Pagbitbit ng mga aklat kasama ang guro<br><br>• Pagdala ng tubig kasama ang dyanitor<br>• Pagpulot ng kalat kasama ang tagalinis ng paaralan<br>• Pagdala ng mga gamit kasama ang nars<br>● Pag-alalay sa senior citizen na kakilala sa pagtawid sa tawiran | ● Ang pagbitbit ng aklat kasama ang guro. | • Ang pagligpit ng mga kagamitan ng mga kakilalang nakatatanda. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *8. Pagtataya ng Natutuhan* | Ipagawa sa mga mag-aaral:<br>Gawain 2<br><br>Panuto: Makinig mabuti sa sasabihin ng guro. | Ipagawa sa mga mag-aaral:<br>Gawain 2<br>Panuto: Isulat ang letra ng mga larawan na nagpapakita ng | Ipagawa sa mga mag-aaral:<br>Gawain 1<br><br>Panuto: Makinig nang mabuti sa bawat pangungusap na babasahin ng guro. Isulat sa | Ipagawa sa mga mag-aaral<br>Gawain 1.<br><br>Panuto: Makining ng mabuti sa ating gagawin. |
| | Isulat ang letra sa iyong kuwaderno ng mga larawang nagpapakita ng pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda. | ligtas na pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda. | iyong kuwaderno ang tsek (✔) kung ligtas ang paraan ng pagtulong sa mga nakatatandang miyembro ng pamilya at ekis (**X**) kung mali ang pahayag. | Basahin ang mga pangugusap (may paggabay ng guro). Punan ang mga patlang. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.<br><br>Ako ay si ________.<br>Ako ay tumutulong sa ligtas na paraan sa kailalang nakakatanda katulad ng<br>____________<br><br>Ako ay tumutulong bilang tanda ng aking ________.<br><br>Sabihin sa mga mag-aaral:<br>Tandaan na ang pagiging matulungin sa kakilalang nakakatanda sa pamamagitan ng mga ligtas na paraan ay nagpapakita ng paggalang sa kanila<br><br>Tumawag ng mga bata at itanong:<br>Bakit gusto mong tumulong sa mga kakilala mong nakatatanda? Ikuwento |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Panuto: Gumuhit ng isang bagay na nagsisimbolo ng pagtulong (walis, pamunas, pambura…). Gawin ito sa iyong kuwaderno. | Panuto: Isulat ang bilang ng mga larawan na tumutukoy sa mga ligtas na paraan ng pagtulong sa mga kakilalang nakakatanda. | Panuto: Gumuhit ng larawan na nagpapakita ng ligtas na paraan ng pagtulong sa mga kakilalang nakatatanda. | Panuto: Makinig sa mga babasahin na sitwasyon ng guro. Gumuhit ng masayang mukha sa kuwaderno kung nagpapakita ng pagiging matulungin ang mga gawain na babangitin. |
| *Mga Tala* | Mga paalala:<br>1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito.<br>2. Mahalagang malinang ang pagiging matulungin.<br>3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap. | Mga paalala:<br>1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito.<br>2. Mahalagang malinang ang pagiging matulungin.<br>3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap. | Mga paalala:<br>1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito.<br>2. Mahalagang malinang ang pagiging matulungin.<br>3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap. | Mga paalala:<br>1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito.<br>2. Mahalagang malinang ang pagiging matulungin.<br>3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Repleksiyon* | Bilang guro: Natutuhan ko na ____________ Nabatid/narealize ko_________Nadama ko na________________ Nagpasya ako na ituon ______________________ _____ ___ | Bilang guro: Natutuhan ko na ____________ Nabatid/narealize ko Nadama ko na________________Nagpasya ako na ituon ___________________________ | Bilang guro: Natutuhan ko na ____________ Nabatid/narealize ko Nadama ko na________________Nagpasya ako na ituon ___________________________ | Bilang guro: Natutuhan ko na ____________ Nabatid/narealize ko Nadama ko na________________Nagpasya ako na ituon ___________________________ |

Inihanda ni:
_________________________
Guro

Nirebyu ni:
_________________________
Master Teacher / Head Teacher

Pinagtibay ni:
_________________________
School Head